# A N G   B A Y A N

PAHAYAGAN NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS
PINAPATNUBAYAN NG MARXISMO-LENINISMO-KAISIPANG MAO ZEDONG

TOMO XXI BILANG 6 (Edisyong Pilipino) AGOSTO 1989

NILALAMAN

Editoryal: militansya ng intelihensya 2

Pambansang welga ng mga guro 4

Protesta ng mga istudyante 8

Pakikibaka ng mga empleyado ng gubyerno 11

PAP: Panloloko 14

Independensya ng Namibia 18

**E D I T O R Y A L**

## ANG MULING PAGSILAKBO NG MILITANSYA NG INTELIHENSYA

Mula Hunyo hanggang Agosto, malawakang sumiklab ang mga protesta sa hanay ng mga intelihensya sa kalunsuran. Unang sumambulat ang pambansang kilusang boykot ng mga istudyante laban sa pagtaas ng matrikula at para igiit ang karapatan ng mga kabataan sa edukasyon. Sumunod ang pambansang welga ng mga guro para igiit ang pagtaas ng sweldo. Panghuli, at sa pakikipagtulungan sa mga guro, ang malawakang protesta ng mga empleyado ng gubyerno sa maraming pangunahing upisina ng burukrasya gayundin ng mga propesyunal at manggagawang pangkalusugan sa mga publikong ospital.

Napakalawak ang mamamayang lumahok: sa hanay istudyante't guro ay daan-daang libo, at ilampung libo naman sa hanay ng empleyado ng gubyerno. Naisustine ang protesta at mayroon pang malaking bilang na tatlong linggong tuluy-tuloy na nakibaka. Ang aksyong masa naman ng mga istudyante't guro ay mas malaki at mas malakas kaysa nakaraan. Para sa mga guro, ang protesta'y walang kaparis sa buong kasaysayan ng kanilang pakikibaka. Para naman sa mga empleyado ng gubyerno, iyon ay isang maningning na tagumpay.

Sa esensya, mga pang-ekonomyang kahilingan ang gumatong sa protesta ng intelihensya nitong Hunyo-Agosto. Ngunit ang protesta'y kaagad na nagkaroon ng malinaw na anti-imperyalista't anti-pasistang nilalaman. Matalas na iniharap ng mga istudyante, guro at empleyado ng gubyerno ang kanilang kahilingan sa estado. Inilantad din nila ang pagwawalang-bahala ng rehimen sa kanilang papalubhang kalagayan at ang pagpapakatuta nito sa mga utos ng imperyalismo. Binale-wala nila ang mga banta at panunupil ng kaaway.

Ang anti-imperyalistang katangian ng kilusang protesta ay nakabatay sa mulat na pag-uugnay ng mga partikular na isyung pangkabuhayan (kahilingan ng mga guro at empleyado ng gubyerno na itaas ang sweldo, kahilingan ng mga istudyante na bigyan ng subsidyo ang edukasyon) sa mga imposisyon ng IMF-World Bank at sa dayuhang utang. Naipakita naman ang anti-pasistang katangian nang mapangahas nilang harapin ang panunupil ng estado. Halimbawa'y tuluy-tuloy na iginiit ng mga istudyante ang kanilang karapatang magtipun-tipon at magdemonstrasyon sa harap ng brutalidad ng pulisya at mapaghiganting mga kapitalistang edukador. Iginiit din ng mga guro at empleyado ng gubyerno ang kanilang karapatang magwelga kahit na binabantaan at nililigalig sila ng gubyerno.

Ang malawakang pagputok ng protestang ito'y naglalantad ng pangunahing katangian ng polarisasyon ng mga uri sa ating lipunan na pinapatindi ng papalubhang krisis sa ekonomya. Sa hanay ng intelihensya, proletaryanisado na ang malaking mayorya. Sa araw-araw, lumiliit nang lumiliit ang halaga ng kanilang sahod, anupa't higit silang nagdaralita. Bunga ng kagipitang pangkabuhayan na nagtutulak sa kanila sa walang katapusang pakikibaka para mabuhay, ang kanilang kalagayan sa trabaho ay nagiging kadusta-dusta. Hindi na mapanlikha ang kanilang mental na paggawa, anupa't napapalayo ang kanilang pag-iisip sa kanilang trabaho. Sa huli'y nagiging mga turnilyo na lamang sila sa makinaryang burukratiko.

Ang protesta ng mga istudyante ay pagtutol sa madilim na kinabukasang naghihintay sa kanila. Parami nang parami ang natitigil sa pag-aaral dahil sa patuloy na pagtaas ng matrikula at iba pang gastos sa pag-aaral. Anupa't nadadagdagan ang hanay ng mga kapos-palad na walang pag-asang umasenso sa buhay. Maski ang mga nakapagtapos sa kolehiyo'y kaharap ang problema sa kawalang-empleyo o nagtitiis sa masamang kundisyon sa lugar-trabahuhan, na walang pinagkaiba sa kinalulubugan ng mga obrerong nagbabanat ng buto.

Ang pagbabangon ng mga intelihensya ay isang pangyayaring puno ng kabuluhan. Kumakatawan sa lubhang malaking bahagi ng petiburgesya ng lunsod ang humugos sa lansangan para magprotesta. Bukod sa kanilang bilang, mayroon silang prestihiyo dahil sa kanilang edukasyon at propesyun at mayroon silang malawak na ugnay sa ibang seksyon ng panggitnang uri. Dahil dito, may kapasidad silang mapagpasyang impluwensyahan ang mga pampulitikang aktitud at galaw ng buong petiburgesya at ilang elemento ng mga naghaharing uri. Dagdag pa, sila ang pangunahing tumatao sa maraming mahahalagang sangay ng superistruktura, tulad ng makinaryang administratibo, sistemang pang-edukasyon, establisimyentong pangkalusugan, institusyong kultural, at midya. Anupa't may kapangyarihan silang ugain at pahinain ang

buong superistruktura ng reaksyunaryong estado.

Kaya't anumang makapangyarihang kilusan ng intelihensya ay tiyak na lilikha ng turning point sa rebolusyonaryong proseso, laluna kung kapanabay ng mga mayor na pagsulong sa kilusang masa ng mga manggagawa at magbubukid. Ang Sigwa ng Unang Kwarto noong 1970 na pinangunahan ng mga istudyante at guro ay isang nakayayanig na rebolusyong pangkultura na naglatag ng pang-ideolohiya, pampulitika at pang-organisasyong batayan para sa kasunod na malalaking paghakbang ng pambansa-demokratikong rebolusyon. Ang mga pagbabangon ng mga panggitnang uri matapos ang asasinasyon kay Aquino noong 1983 ay nagpihit ng balanse na lakas laban sa pasistang diktadurang Marcos, na nagpabilis sa pagbagsak nito.

Pwede nating mapangahas na sabihing ang nasaksihan nating malawakang pagkilos nitong huling tatlong buwan ay badya ng isang bagong antas ng rebolusyonaryong pagkamulat at pakikibaka ng mga intelihensya -- isang anti-imperyalista at demokratikong kilusan na magkakaroon ng malalim na kabuluhan sa buong rebolusyonaryong pakikibaka.

Mayroong maraming salik na magpapanabay para malikha ito. Habang palala nang palala ang sosyo-ekonomikong krisis, naitutulak ang intelihensya na lumaban hindi lamang para sa kanilang interes kundi para hanapin ang ugat ng kanilang problema at ang pangmatagalang solusyon dito. Dahil sa angking talino, mabilis nilang masasapol na ang tanging solusyon sa malalang sakit ng lipunang Pilipino ay ang rebolusyonaryong alternatiba.

Ang lumalagablab na kilusang masa ng manggagawa at magbubukid at ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa kanayunan ay nagpapatingkad din ng mga pundamental na isyung kinakaharap ng bayan. Ang militante at determinadong pakikibaka ng batayang masa ay hindi lamang nagbibigay-inspirasyon sa intelihensya. Nagbibigay rin iyon sa kanila ng mahahalagang aral sa pagsusulong ng kanilang sariling mga pakikibaka. Mas mahalaga pa, iniililinaw niyon ang rebolusyonaryong landas na dapat tahakin para makamit ang mga pundamental na pagbabago sa lipunan.

Ang intelihensya ay nagkaroon ng isang antas ng anti-imperyalista, antipyudal at anti-pasistang kamulatan noong panahon ng pakikibakang masa sa ilalim ng diktadurang Marcos. Ang kanilang patuloy na pakikibaka ngayon sa larangan ng ekonomya, pulitika at pag-iisip ay lalong magpapataas sa kanilang kamulatan.

Pansining ang intelihensya kasama ang iba pang nasa panggitnang uri, bagamat kririkal, ay sumusuporta sa rehimeng Aquino sa kabila ng napakalilinaw na pruwebang nagtraydor na ito sa mithiin ng sambayanang inihayag sa pag-aalsa sa EDSA. Ngunit sa patuloy na pagbabale-wala ng kasalukuyang rehimen sa mga hinihiling na reporma at mas mahusay na pamumuhay, demokrasya at pambansang kalayaan, naitutulak ang parami nang parami sa kanila na maging kritikal at kumprontasyunal sa pakikitungo sa gubyernong Aquino at sa bangkaroteng sistemang panlipunan na pinaghaharian nito.

Susing elemento sa papataas na kamulutang pampulitika ng intelihensya ang pagkakatayo ng mga pambansang organisasyong masa sa kanilang hanay na may oryentasyong militante at progresibo. Sa lahat ng pagkakataon, ipinakita ng mga organisasyong ito ang kapasidad na tipunin ang diskuntento ng intelihensya sa isang organisado at makapangyarihang kilusang protesta na nakakawing sa mga pakikibaka ng buong sambayanang Pilipino.

Hindi darating nang kusa ang rebolusyonaryong transpormasyon ng intelihensya. Mapagpasya sa pagpapaunlad dito ang patuloy na ahitasyon at propagandang pambansa-demokratiko, ang walang-tigil na pag-uugnay sa mga partikular na isyung pang-ekonomya sa pangkalahatang isyung pambansa. Ang kilusang protesta ng intelihensya ay dapat matibay na nakaugnay sa kilusang masa ng manggagawa at magbubukid, at pinapagulong para suportahan ang buong rebolusyonaryong kilusan, laluna ang armadong pakikibaka at ang pagtatayo ng mga rebolusyonaryong base sa kanayunan.

**MALAKING TAGUMPAY PARA SA KILUSANG GURO**

Noong Agosto 3, 1989, isang batambatang Pilipina ang namatay sa pulmonya. Ayon sa mga pahayagan, siya ay si Theresa Marie Almazan, isang guro sa Don Mariano Marcos High School sa Quezon City. Sa isang bansang karaniwan nang ikamatay ang pulmonya, ang ganitong mga balita ay kalimitang di na nadadyaryo.

Ngunit hindi pangkaraniwan ang pagkamatay ni Theresa. Hapung-hapo buhat sa rali ng mga guro sa harapan ng Senado, namatay siya ilang oras pagkauwi sa bahay. Kahit hikain, sinagupa niya ang nakakapasong init ng araw at ang malakas na ulan upang lumahok sa iba't ibang aksyong protesta ng mga guro mula Hulyo 24.

Binibigyang diin ng kamatayan ni Theresa ang kalubhaan ng problema ng mga guro, ang katumpakan ng kanilang mga kahilingan, at ang katatagan ng kanilang pakikibaka para sa sapat na sahod. Si Theresa ay isang martir sa kapakanan ng mga gurong Pilipino at huwaran ng bagong sibol na mga guro sa ating bansa.

**Pakikibakang pang-ekonomya**

Bunga ng lumalalang krisis sa ekonomya, tumataas na presyo ng pangunahing bilihin at bumabagsak na antas ng pamumuhay ng mga guro, naglunsad ang mga guro sa pampublikong paaralan ng isang pambansang kampanyang masa upang ipaglaban ang kanilang kapakanang pang kabuhayan at mga karapatang demokratiko.

"Tama na ang pagtitiis!" ang palabang sigaw ng kanilang tatlong-linggong pakikibakang masa mula Hulyo 24 hanggang Agosto 11, 1989. Mula't sapul, ito na ang pinakamalaki't pinakamatagal na welga ng mga guro; at kung ihahambing sa pambansang pakikibaka ng mga guro noong 1984 at 1987, higit itong sustenido, maigting at may pampuliti kang katalasan.

Nakadagdag pa ng lakas, lawak at kabuluhan ng welga ng mga guro ang pakikibaka ng libu-libo ring empleyado ng gubyerno mula sa iba't ibang ahensya nito, kabilang na ang isang seksyon ng mga manggagawang pangkalusugan mula sa mga pampublikong ospital. Pumutok ang pakikibaka ng mga empleyado ng gubyerno sa panahon ding iyon at sumulong na koordinado sa welga ng mga guro.
Nagwelga ang mga guro upang igiit na itaas ang buwanang batayang sahod nilang P2,464 tungo sa P4,500 na tinatayang buwanang kitang kailangan ng isang pamilya ng anim upang makapamuhay nang maayos. Kaugnay ng kahilingang pang-ekonomya, ipinahayag rin ng mga guro sa pampublikong paaralan ang kanilang pagtutol sa Letter of Intent (LOI) ng gubyernong Aquino na naglalaman ng mga kundisyones ng International Monetary Fund (IMF). Isang kundisyon ang pagpapatanggi sa gubyernong umentuhan ang sahod ng mga guro.

Sa loob ng tatlong linggo, nasaksihan ng madla ang mga aksyon ng mga guro sa pampublikong paaralan. Nagmass- leave sila, nagsuot ng lasong itim, at nag-ayuno bilang protesta. Umulan man o umaraw, sila'y nagmartsa't nagrali; sa ilan pang pagkakataon, nalusutan nila ang barikada ng Mendiola't nakapagrali sa harapan ng Malacañang. Naglobi sila't nagpiket, at buong linaw na ipinahayag ang kanilang mga hinaing, nasa lansangan man o sa loob ng kongreso. Binoykot nila ang pabalat-bungang panawagang dayalog ni Aquino, at sumubok ng iba pang anyo ng protesta tulad ng sit-downs, noise barrage at human barricades.

**Malawak at militanteng protesta**

Tinatayang 200,000 guro mula sa halos 1,000 pampublikong paaralan sa 10 rehiyon sa bansa ang lumahok sa iba't ibang kilos protesta. Pinakamalaki ang mobilisasyon sa Kamaynilaan kung saan syento porsyentong naparalisa ang mga paaralang elementarya at hayskul. Lumahok din sa sarisaring anyo ng aksyong masa ang mga guro mula sa Kordilyera sa hilaga hanggang sa Mindanaw sa katimugan, upang ipadama ang kakagyatan ng hinihinging umento sa sahod.

Bagamat nasa Kamaynilaan ang pokus ng pakikibakang masa ng mga guro -- pagkat sentro ng gubyerno -- pumutok din ang malawak na protesta sa iba pang lugar, gaya ng ipinakikita ng sumusunod na paunang ulat:

> Baguio City: 3,500 guro ang nagmass-leave
> Pampanga: 80% paralisasyon ng mga klase
> Bulacan: halos 100% paralisasyon
> Bataan: 100% paralisasyon
> Quezon: 2,700 na nagmass-leave
> Ligao, Albay: 600 na nagmass-leave
> Camarines Norte: 3,000 na nagmass-leave
> Naga City: 1,400 na nagmass-leave
> Iloilo City: 2,700 na nagwork-slowdown
> Cebu City: 3,000 nagsuot ng lasong itim at nagsit-down strike
> Davao City: 3,000 na nagmass-leave

---

Pinangunahan ng mga militante't progresibong organisasyon na Alliance of Concerned Teachers (ACT), Manila Public School Teachers' Association (MPSTA) at ang Teachers and Employees Consultative Council (TECC) ang pambansang pakikibaka ng mga guro. Sa pamamagitan ng mahusay na gawaing alyansa, nayakag sa mga aksyong masa ang iba pang independyenteng samahan ng mga guro.

Noong Hulyo 24, unang araw ng protesta, 11,000 guro ang nagmartsa at nagrali sa harapan ng Senado. Habang nagmamartsa, dalawa sa mga lider-masa ang inaresto ng pulisya. Ngunit hindi natigatig ang mga guro kaya't napilitan ang pulisyang pawalan ang dalawa. Nagtagumpay rin silang paatrasin ang gubyerno sa patakaran nitong "no permit, no rally".

Sa ikalawang araw, lumaki ang mga delegasyon sa mga pagkilos samobilisasyon -- umabot ng 20,000. Sa pagkakataong ito, humantong sa Malacañang ang martsa ng mga militanteng guro at sa demonstrasyon doon, humingi sila ng pakikipagdayalog kay Aquino upang maipahayag ang kanilang karaingan. Ngunit buong kapalaluang binale-wala ni Aquino ang kahilingan ng mga guro. Sa halip, pinaharap sa mga guro ang Budget Secretary upang sabihin lamang sa kanilang walang pondo ang gubyerno para sa hinihinging umento.

Nagrurok ang mobilisasyon sa 35,000 noong Agosto 1 na idineklara ng mga guro at mga empleyado ng gubyerno bilang National Day of Protest. Dahil kapwa humihiling ng karagdagang sahod, magkasamang nagrali ang dalawang sektor sa harap ng Senado kung saan pinagdi dibatehan ang Salary Standardization Bill. Batay sa pagtaya ng mga lider-masa, umabot ng 700,000 ang kabuuang mobilisasyon ng mga guro't kawani ng gubyerno sa iba't ibang dako ng bansa ng araw na iyon.

Noong Agosto 3, sinimulan ng may 100 guro ang pag-aayuno upang bigyang- diin ang kanilang hinihinging dagdag na sahod. Isang martsa ang idinaos noong Agosto 7 sa libing ni Theresa, ang kanilang kasamang guro. At noong Agosto 8, sa loob ng isang oras, nagsagawa ng human barricade sa gusali ng Senado upang igiit sa lehislaturang dinggin ang kanilang daing.

Sa ikalawa't ikatlong linggo ng mga aksyong protesta, mayroong 3,000 hanggang 5,000 guro ang sumali sa mga regular na pagtitipon sa harap ng Senado. Sa malakihang mga pagkilos naman bawat linggo, hindi bababa ng 10,000 guro ang lumahok. Mayroon ding delegasyon ng mga guro mula sa karatig na rehiyong tulad ng Gitnang Luson at Bikol sa mga aksyong masa sa harap ng Senado at Malacañang.

**Binale-wala ng mga guro ang balakid**

Ginawa ng rehimeng Aquino ang lahat upang takutin at patahimikin angmga guro. Kapwa idineklara nina Aquino at Sec. Lourdes Quisumbing ng Department of Education, Culture and Sports (DECS), at ng Civil Service Commissioner na iligal ang aksyong masa at binantaan ang mga welgistang guro na mapaparusahan. Ipinahayag rin ng rehimen ang pagpapatupad ng patakarang "no permit, no rally." Sinundan pa ito ng pahayag ng Supreme Court noong Agosto 10 na walang karapatang magwelga ang mga guro at ibang kawani ng gubyerno. Sa kabila ng mga banta't pananakot, hindi naglubay sa kanilang mga aksyong masa ang mga militanteng

**Pagkuha ng popular sa suporta**

Sa kabila ng pagsisikap ng gubyernong pagkagalitin ang mga welgistang guro at ang mga istudyante't mga magulang, tiniyak ng mga guro sa huli na kung maibibigay ang kanilang hinihingi, "hindi lamang sila gaganahang magturo nang buong-puso, kundi maitataas pa ang kalidad ng pampublikong edukasyon." Nakuha rin ng mga guro ang suporta ng at ng mga guro sa pribadong paaralan, pati na rin ang simpatya ng ibang kapwa nilang mga empleyado sa gubyerno sektor sa lipunan. Dahil sa kanilang malalaking mga mobilisasyon, at ng kumprehensibo't sustenidong gawaing propaganda, nakuha nila sa kanilang panig ang opinyong publiko.

Ang pakikibaka ng mga guro para sa kagalingang pangkabuhayan ay madaling naunawaan ng ibang sektor na lupaypay na rin sa tama ng tumataas na presyo ng mga bilihin. Wastong naiugnay ng mga guro ang kahilingang karagdagang sahod sa pagiging sunud-sunuran ng gubyerno sa bawat dikta ng IMF-World Bank sa pamamagitan ng mga kundisyong nilalaman ng LOI. Ayon sa isa nilang lider-masa, matagumpay na nailantad ng kanilang protesta ang "imposisyon ng IMF bilang pinakamalaking balakid sa pagkakaloob ng sapat na sahod sa 1.7 milyong empleyado ng gubyerno" na kinabibilangan ng mga guro sa pampublikong paaralan.

Ang welga ng mga guro ay naging isang malaking silid-aralan kung saan malawakang tinalakay ang kanilang mga kahilingang pangkabuhayan at iba pang isyu. Sustenido ang sektoral na prod yeksyon sa buong tatlong linggong kampanya. Napabalita sa radyo, tele bisyon at mga pahayagan ang mga isyung dinala ng mga nagpoprotestang guro.

Sapagkat itinaon ng mga guro ang pakikibaka para sa karagdagang sahod sa panahong nakasalang sa Kongreso ang pambansang badyet, epektibo nilang nailantad ang pangangayupapa ng rehi meng Aquino sa IMF-World Bank at ang maling pagbibigay ng prayoridad sa badyet sa pagbabayad ng utang at gastu sing militar bago ang edukasyon, kalu sugan at iba pang serbisyong pan paglipunan.

Kahit sa labas ng silid-aralan, patuloy na nagbibigay ng kaalaman ang mga guro sa kanilang mga istudyante. Sa pamamagitan ng kanilang mga pagkilos, tinuturuan ng mga guro ang kanilang istudyante ng kahalagahan ng mapanuring pag-iisip at paggiit ng mga karapatan. Ipinakita nila sa kanilang mga mag-aaral ang kahusayan ng pagpapakasakit, katapangan at determinasyon, at ang makapangyarihang lakas na makikita lamang sa pagkakaisa at kolektibong militanteng pakikibaka.
guro sa paaralang pampubliko.

**Pang-ekonomyang tagumpay**

Bagamat hindi nila nakamit ang maksimum na hinihinging P4,500 na buwanang batayang sahod, naigiit nila sa gubyernong Aquino ang iba pa nilang kahilingan. Mula sa dating P2,464/buwan, ginawang P3,102/buwan ang batayang sahod ng mga guro sa iskwelahang publiko. Sa halip na Oktubre 1, 1989 na gaya ng itinakda sa isinumiteng LOI- MEP ng gubyernong Aquino sa IMF, gina wang *retroactive* sa Hulyo 1 ang epekti bidad ng mga umento sa sahod.

Pumayag rin ang gubyernong panati lihin ang mga lokal na benepisyong dati nang tinatanggap ng mga guro sa ilalim ng Special Education Fund Act. At dahil sa protesta ng mga guro, napilitan ang gubyernong ihinto muna ang pagdaragdag sa sahod ng mga

kongresista, senador, myembro ng kabinete at iba pang matataas na opisyal ng pamahalaan.

Nakamit ng mga guro ang mga benepisyong pang-ekonomyang ito, gaano man kaliit, sa pamamagitan ng lakas ng kanilang pagkakaisa at sama-samang pagkilos. Matagumpay nilang napaurong ang gubyerno sa matigas nitong pusisyong "walang pondo na pandagdag sa sahod" at "walang permiso, walang rali."

Mula't sapul, sinasabi na ng gubyernong wala itong pondo para sa ipandagdag sa sahod. Pinagalitan nito ang mga guro sa pagtataksil diumano sa kanilang propesyon. Kung di raw maligaya ang mga ito sa sahod na tinatanggap bilang mga guro sa pampublikong paaralan, maigi pang maghanap na sila ng ibang trabaho o lumipat ng ibang propesyon. Ngunit hindi nagpaloko ni nagpatakot ang mga guro.

Upang ipadama ang kanilang ngingitngit sa kawalan ng malasakit ni Aquino sa kanilang kalagayan, nagpasya silang boykotin ang dayalog sa Mala canang na nakatakda nitong Agosto 11. Ipinatawag ni Aquino ang dayalog matapos siyang pumusisyon na di ibi bigay ng gubyerno ang hinihingi ng mga guro at matapos magbabala na paparu sahan ang mga gurong hindi babalik sa kanilang mga silid-aralan pagdating ng tuluyan Agosto 14.

Magpapatuloy pa sana ang mga kilos-protesta sa kabila ng mga bantang aksyong pandisiplina. Ngunit batay sa pakikipagkonsultahan sa masang guro, nagdisisyon na silang wakasan ang welga. Pangunahing gawain ngayon ang konsolidasyon bilang pagha handa sa higit na malalaking pakikibaka sa hinaharap.

**Kabuluhan ng pakikibaka**

Isang makasaysayang tagumpay ang katatapos na tatlong linggong pambansang aksyong protesta ng mga guro. Ito ang pinaka malaki't pinakamalakas na welga ng mga guro na yumanig sa establisimyentong edukasyon sa bansa at sa mismong reak syunaryong estado. Ang nakakarinding bira ay bunga hindi lamang ng laki at saklaw ng kampanyang protesta, kundi at mas mahalaga, ng wastong pag-uugnay ng kahilingang pang-ekonomya sa mga isyung pampulitika.

Ang pagsisikap na isulong ang pakikibakang pang-ekonomya na kakawing ng mga kagyat na isyung pampulitika ay epektibong nakapaglantad sa tunay na katangian ng estado at sa ugat ng krisis pang-ekonomya na lumulukob bayan. Sa kanilang pagbatikos sa mga imperyalistang dikta sa ekonomya sa pamamagitan ng LOI, nagawang ilantad ng mga guro ang pundamental na kawalang simpatya ng gubyernong Aquino sa kahi lingan ng mamamayan at ang maka- imperyalistang pagkiling at pagkapapet nito.

Ang pagkasuklam ng mga guro sa paninindigan ng gubyerno ay matalas na naipadama nang tumanggi silang dumalo sa dayalog na ipinatawag mismo ni Aquino sa dakong huli ng kanilang tatlong-linggong aksyong masa.

Gayunman, maaari pa sanang mas napatalas at mas malalim na nailantad ang tunay na katangian ng rehimeng US-Aquino kung nahawakan rin ang isyu ng napakalaking badyet ng militar at ang pagpabor ng rehimen sa mas malaking gastusin sa depensa. Dapat rin sanang nailantad sa atensyon ng publiko ang anti-mamamayang katangian ng patakarang"total war" ng rehimen. Saksi ang mga guro sa pampublikong paaralan, laluna ang mga nasa kanayunan, sa kalupitan at pagkamapaminsala ng ganitong patakaran -- ang paggamit sa mga gusali ng paaralan bilang pansamantalang sa ebakwasyon, mga batang namamatay roon, ang walang katiyakang pagkaka hinto ng mga klase, atbp.

Patunay ang tatlong linggong demokratikong aksyong protesta sa bagong antas ng kamalayang pampulitika sa hanay ng mga guro. Malinaw na pagbabago ito mula noong 1986 nang isang malaking seksyon ng petiburgesya, na kinabibilangan ng mga guro, ang nagbaling ng kanilang suporta sa bandilang dilaw ni Cory Aquino, sa pag-asang magkakaroon ng makabuluhang pagbabago sa kaniyang gubyerno. Ipinakikita ng malawak na pakikibaka na naging kritikal na ang mga guro sa rehimeng Aquino at nabuksan na rin ang mga mata tungkol sa pakikipagsabwatan nito sa imperyalismong US. Matalas na tinuligsa sa mga talumpati ng ilampung guro sa harap ng gusali ng Senado ang pagwa

walang-bahala ni Aquino sa karaingan ng mamamayan at ang pagiging masunurin nito sa mga patakaran ng US.

Ang pag-unlad ng kamalayang anti-imperyalista sa hanay ng mga guro at ang kanilang lumalakas na pagpuna sa mga kautusan ng imperyalistang US tulad ng LOI ay paborable sa pag-unlad pa nito tungo sa mas tuwiran at mas malalakas na alon ng protesta laban sa sa imperyalismong US, sa partikular laban sa mga baseng militar ng US.

Ang malawak na pagkakaisa, militansya at dedikasyong ipinamalas ng mga guro ay nagpapatunay sa epektibong pamumuno ng mga progresibong guro na may malinaw na oryentasyong demokratiko at makabayan. Habang nagpupunyagi sila sa pakikibaka, maraming progresibong anti-mamamayan at maka-imperyalistang lider ang lilitaw mula sa hanay ng mga titser. Ang mga guro, kasama ng iba pang empleyado ng gubyerno, ay makaka impluwensya nang malakas sa peti burgesya ng lunsod at sa malawak na masa para labanan ang pagsasamantala at pang-aapi at tahakin ang landas ng demokratiko at anti-imperyalistang pakikibaka.

**Ang hinaharap ng pakikibaka ng mga guro**

Ang mga signos ay naririyan na ang susunod na pagsilakbo ng mga pakikibaka ng mga guro, ito'y haharapin ng mas
matinding panunupil ng reaksyunaryong estado. Sa kalagayang inutil ang rehimen na magkaloob ng konsesyon dahil sa mga dikta ng IMF, wala itong ibang hakbang na gagawin kundi ang ibasura ang patakarang mapagbigay sa mga guro. Ang disisyon ng Supreme Court na nagba bawal sa mga welga ng mga empleyado ng gubyerno at ang paulit-paulit na pagba banta ni Aquino at ng DECS ay dagdag na babala na maaaring hindi papahin tulutan ang mga militanteng aksyon ng mga guro.

Kaya't higit na titingkad ang katangiang pulitikal ng pakikibaka ng mga guro. Pero ang panunupil ay lalong mag-aangat sa pigurang pulitikal ng pakikibaka ng mga guro dahil ito'y magtataglay ng mas kumprehensibong linyang antipasista at anti-imperyalista.

Sa yugtong ito, napakahalaga ang konsolidasyong pampulitika ng hanay ng mga guro sa pamamagitan ng pambansa- demokratikong edukasyon at propaganda. Ang rebolusyonaryong samahang masa ng mga guro, ang Katipunan ng mga Gurong Makabayan (KAGUMA), ay dapat palakasin at palawakin. Ang buong makinarya ng National Democratic Front (NDF) sa loob ng kilusang masa ng mga guro ay dapat magsilbing ubod ng pamunuan at gulugod ng ligal na kilusan. Ang ligal na mga demokratikong samahang masa ng mga guro ay dapat higit pang palakasin at pala wakin. Dapat mayroong mahigpit na koor dinasyon sa mga organisasyon at pakikibaka ng iba pang uri at sektor -- manggagawa, magbubukid, kabataan at istudyante, empleyado ng gubyerno at panggitnang pwersa.

Ito ang mga tungkulin at paghamong nakatitig sa kilusang masa ng mga guro. Ang mahalagang karanasan at mga aral na nakamit ng mga guro nitong nagdaang pambansang welga ay naglalagay sa kanila sa mas angat na tuntungan habang inihahanda nila ang mas malaki at mas demokratikong inihahanda nila ang mas malaki at mas militanteng pakikibaka sa hinaharap.

* * *

**DUMAGUNDONG ANG PROTESTA NG MGA ISTUDYANTE LABAN SA REHIMENG AQUINO**

Si Brig. Hen. Alfredo Lim ay superintendente ng Western Police District na sumasaklaw sa malalaking unibersidad ng bansa. Siya ay stock holder din ng University of the East (UE), ang pinakamalaking pribadong unibersidad sa Pilipinas.

Si Josephine Cojuangco Reyes ay isang kapitalistang edukador at nasa pamunuan ng Far Eastern University (FEU), isa sa 1,000 pinakamalaking korporasyon sa Pilipinas. Siya'y kapatid-sa-dugo rin ni Cory Aquino, puno ng gubyernong walang kakurap-kurap na nagpapahintulot sa pagtataas ng matrikula taun-taon.

Alam ng mga istudyanteng ang kabangga nila'y mga taong kaparis nina Lim at Reyes. Ngunit di sila natitinag.

Maraming taon nang nakalukob sa mga istudyante ang komersyalisadong edukasyon at ayaw na nilang maging kasangkapan sa "pabrika ng diploma."

Anupa't pinakawalan nila ang kanilang maalab na pagnanais ng isang malaya, makabayan, demokratiko at syentipikong edukasyon, hindi alintana ang karahasan at panloloko ng estado.

Sa kanilang pakikibaka, naipanalo ng mga istudyante sa ilalim ng pamumuno ng National Union of Students of the Philippines (NUSP), College Editor's Guild of the Philippines (CEGP), Student Christian Movement of the Philippines (SCMP), League of Filipino Students (LFS), at Kabataan para sa Demokrasya at Nasyonalismo (KADENA) ang kagyat at kongkretong kahilingan tulad ng pagrolbak ng itinaas sa matrikula at pagkapanalo ng mga progresibo sa kunsehong mag-aaral.

**Pumutok ang mga protesta**

Sa pagbubukas ng klase, daan-daang libong istudyante ang humugos sa lansangan para sa isang pambansang protesta laban sa pagtataas ng matrikula. Sa loob ng ilang linggo, ang mga istudyante'y nagsasagawa ng mga boykot, walkout, martsa, rali, piket at barikada. Inokupa nila ang mga kalsada at dito'y nagdaos sila ng klase. Ang resulta'y isang pinakamalaki at pinakamatagal na kampanyang protesta ng mga istudyante nitong huling mga taon.

Sa Kamaynilaan, may 300,000 ang kabuuang nagboykot ng klase. Ang mga istudyante sa UE, FEU, Feati University, Technological Institute of the Philippines (TIP), Adamson University (AU), National College of Business Administration (NCBA), Manuel L. Quezon University (MLQU), at AMA Computer College (AMACC) sa Quezon City ay tatlong linggong tuluy-tuloy na umalis sa kanilang silid-aralan at nagpiket sa geyt ng iskwelahan. Nagsagawa rin sila ng martsa-rali na dinaluhan ng 10,000 para kumprontahin ang Department Eaducation, Culture and Sports (DECS).

Sa Baguio City, naglunsad ng serye ng mga martsa at rali ang 15,000 hang gang 20,000 istudyante mula sa St. Louis University (SLU), University of Baguio (UB), Baguio Colleges Foundation at UP-Baguio sa loob ng dalawang linggo. Sa kanilang pagmamartsa at pagrarali, inokupa nila ang mga kalsada. Sa pamumuno ng sangay ng NUSP, tinutulan nila ang 35 hanggang 40 por syentong pagtaas ng matrikula at iginiit na magkaroon ng 20 porsyentong rolbak.

Sa Iloilo City, nagwalk-out at nagbarikada ang mga istudyante na ikinaparalisa ng University of San Agustin (may 10,000 populasyong istudyante), Western Institute of Technology (8,000) Central Philippine University (mahigit 10,000), UP-Visayas (mahigit 3,000), at University of Iloilo (mahigit 10,000). Ang protesta ay suportado ng mga kapwa istudyante ng Iloilo Doctor's College, Western Visayas College of Science & Techno logy, at Western Visayas State University.

Sa Davao City, mahigit 30,000 ang nagboykot sa pitong iskwelahan. Sa halip, dumalo ang mga mag-aaral sa mga "klase sa lansangan." Apektado rin ng mga walkout, piket at paglalamay ang San Pedro College, Holy Cross of Davao College, Ateneo de Davao at University of Mindanao.

Sa Cotabato City, pinaralisa ng mga istudyante ang Notre Dame Univer sity at nagdaos sila ng alternatibang "iskwelahan ng bayan."

Tulad ng dati, dinahas ng estado ang mga mag-aaral. Binuwag ang mga barikada at piket; ginulo ang mga rali at demonstrasyon sa pamamagitan ng batuta at tear gas; inaresto ang ilang lider sa loob ng kampus.

Minanmanan at binayo ng mga bataan ni Lim ang mga istudyanteng namumuno ng protestang

masa. Isa sa mga unipormadong maton, si Kor. Romeo Maganto ay buong pagmamayabang na nang habol at nambugbog -- sa harap ng kamera ng telebisyon -- ng mga istudyanteng nasa mga martsa-rali.

Bilang ganti sa protesta, ang Philippine Association of Colleges and Universities (PACU), isang kartel ng mga kapitalistang edukador, ay nagsara ng kanilang mga iskwelahan.

Ngunit matatag ang mga istudyante sa kanilang makatarungang ipinag laban. Samantala'y nagtago muna sa galit ng publiko si Maganto. Sa huli'y nagbukas din ang mga iswelahang kasapi ng PACU sa takot na makompromiso ang kanilang ganansya.

**Nalantad ang panloloko ni Aquino**

Mula nang umupo sa poder si Aquino noong 1986, tatlong beses nang itinaas ang matrikula. Noong nakaraang taon, pinayagan nito ang abereyds na pagtaas na 5 porsyento. Ngayong taon, itinakda nito ang bagong pagtaas mula 10 hanggang 20 porsyento sa hayskul at hanggang P80 kada yunit sa kolehiyo. Sa lahat ng ito, gaya ni Marcos ay idina dahilan ng rehimen ang Education Act ng 1982 na nagsasabing kailangan magbayad ang mga mag-aaral kung gusto nila ang "de-kalidad na edukasyon." Ito'y dili iba't basbas sa kasalukuyang komersya lisadong edukasyon.

Ang komersyalisadong edukasyon ay kontrolado ng malaking pribadong kartel (55 porsyento ng mga istudyante sa hayskul at 80 porsyento sa kolehiyo ay pumapasok sa mga pribadong iskwelahan) at kinukunsinti ng malalaking burukrata sa pamamagitan ng mga patakarang kanilang iniisponsor. Mabigat ang pinsala ng komersyalisadong edukasyon sa kabataang Pilipino: 10 milyon sa kabuuang 25 milyon ang napepwersang tumigil sa pag-aaral, napagkakaitan ng karapatan sa edukasyon. At bawat pagtaas ng matrikula ay walang dudang singkahulugan ng ilampung libong mag- aaral na nadadagdag sa hanay ng mga out-of-school youth.

Sa kabila nito, patuloy ang rehimeng Aquino sa pagtanggi sa responsibilidad nitong magbigay ng edukasyon sa kabataan. Halimbawa, ang bahagi ng edukasyon sa pambansang badyet ay mas maliit kaysa sa bayad sa utang (mahigit 40 porsyento) at sa militar at mga kaugnay na gastos sa programang "total war." Sa ganitong sitwasyon, naipapaubaya ang edukasyon sa bangayan ng mga kapitalistang edukador at pribadong imbestor.

Dagdag pa, inako na ng rehimeng Aquino ang lahat ng mga obligasyon sa mga dayuhan, na higit na nagpahirap sa malawak na sambayanan na magkaroon ng edukasyon. Ang Letter of Intent (LOI) na isinumite sa IMF noong Marso (basahin ang "Philippine Assistance Program: Malaking Panloloko" sa p. 14) ay isang mapait na karanasan. Ang mga magulang na nagpapaaral ay nagkakanda kuba sa pagpasan ng hirap na idinulot ng pagtaas ng mga presyo ng bilihin sanhi ng LOI laluna't itinaon iyon sa pagbubukas ng klase.

**Subsidy Law**

Ang pinakamahusay nang nagawa ng rehimeng Aquino bilang tugon sa pagtutol ng mga mag-aaral sa pagtataas ng matrikula at sa komersyalisasyon ng edukasyon ay ang pantapal na Subsidy Law. Ang batas ay nagbibigay ng sub sidyong umaabot sa halagang P150,000 kada pribadong iskwelahan para pagaanin daw ang epekto ng pagtataas ng matrikula sa mga istudyante.

Malinaw na ang intensyon ng batas ay hindi itigil ang pagtaas ng matrikula o bawasan man lamang sana. Ang totoo, nililigalisa nito ang komer syalisadong edukasyon sa pagpayag na itaas ang matrikula, hanggang sa pati ang mga pribadong iskwelahan ay maaaring humingi ng subsidyo. Sa halip na ibigay ang subsidyo direkta sa mga istudyante, ipinagkakaloob pa ito sa mga pribadong iskwelahan. Sa pinaka marami, 3 porsyento lamang (mga 40,000) ang makikinabang sa programang subsidyo samantalang mga 300,000 ang matitigil sa pag-aaral dahil sa pagtataas ng matrikula. Ibinubulsa ng mga pribadong iskwelahan ang mga subsidyo at tinatabo ang tubo mula sa ligalisadong pagtataas ng matrikula.

Hinihingi rin ng nasabing batas na dapat magkaroon ng demokratikong kon sultasyon (sa pagitan ng awtoridad ng iskwelahan, mga maghulang, guro at ay istudyante) bago ang anumang pagtaas ng matrikula. Ngunit nagpatupad ng squid tactic ang DECS para suportahan ang mga pinoprotestahang iskwelahan. Sa isang banda'y sasabihin ng kalihim ng DECS na -iligal ang pagtataas ng matrikula nang walang demokratikong konsultasyon. Pero kamuka-mukat mo'y babaligtarin niya ito sa ibang pagkakataon.

Hindi nagpaloko ang mga mag-aaral.Sa nagkakaisang tinig, inilantad nila ang panlilinlang ng rehimeng Aquino na "wala kaming magagawa sa pagtataas ng matrikula dahil ito'y alinsunod sa Education Act of 1982." Kinondena nila ang Subsidy Law bilang pagsusubsidyo lamang sa komersyalisadong edukasyon. Dumagundong sa buong bayan ang kanilang panawagan sa kabataang Pilipino at hanay ng mag-aaral: "Magkaisa at Ipaglaban ang Karapatan sa Edukasyon."

**Masigabong tagumpay ng mga istudyante**

Nagkaisa, lumaban, at nagwagi ang mga mag-aaral. Ang sigwa ng mga protestang pinakawalan ng mga istudyante ay nagtulak sa mga kapitalistang edukador at mga awtoridad sa edukasyon na magdahan-dahan at makipagkompromiso. Bilang resulta, binawasan ang itinaas sa matrikula kung hindi man ipinagpaliban o nirolbak.

Sa ganitong masigabong tagumpay nagtapos ang pakikibaka ng mga istudyante. Narito ang ilang ulat:

- Sa Kamaynilaan, naipagpaliban ang implementasyon ng pagtataas ng matrikula sa AU, NCBA, AMACC, University of Sto. Tomas, San Beda College, at St. Scholastica College.
- Sa Hilagang Luson, binawasan ang itinaas sa matrikula sa SLU, mula 47 porsyento naging 13 porsyento; BCF, mula P13.50 naging P12.00 kada yunit; at UB, mula P13 naging P12 kada yunit.

(Kasunod nito, matapos nilang patunayan ang kanilang galing sa pampulitikang pamumuno at kunin ang respeto at tiwala ng masang mag-aaral, ang mga namuno sa pakikibaka ay nanalo sa makabuluhang bilang ng mga eleksyon sa kunsehong mag-aaral. Sa Kamaynilaan lamang, sa pinakamenos ay nanalo sa 11 eleksyon para sa kunsehong mag-aaral ang tiket na pinamumunuan ng NUSP at LFS.)

Ang tagumpay ng mga istudyante ay isang hakbang sa pakikibaka para sa karapatan sa edukasyon -- isang edukasyong malaya, makabayan, demokratiko at syentipiko. Eksaktong 20 taon na ang nagdaan, ito ring pakikibaka at tagumpay ng mga mag-aaral na pinayabong ng kilusang reporma na nakabase sa kampus ay nagluwal ng makasaysayang Sigwa ng Unang Kwarto ng 1970 na nag-uga sa pinakapundasyon ng malakolonyal at -malapyudal na lipunang Pilipino. Ang mga

**Pagsusulong ng kasaysayan**

At para itulak pasulong ang kasaysayan, ang kilusang istudyante ay dapat mapaunlad tungo sa isang makabuluhang kilusan para sa pagbabago sa lipunan.

Anupa't dapat na palagian ngunit mapanlikhang magsagawa ng ahitasyon at propaganda ang mga istudyante tungkol sa mga isyung di lamang sangkot ang kanilang sektor kundi maging tungkol sa buong lipunan. Dapat nilang iugnay ang mga problemang iniluluwal ng sistemang pang-edukasyon sa iba pang pang-araw- araw na isyung kaparis ng LOI, total war at malaking paggasta sa depensa. Dapat mamuno sila sa pagpapatampok ng paninidigan ng bayan sa malalaking isyung pambansa tulad ng baseng militar ng US at krisis sa utang. Dito'y napa kahalaga ang papel ng kilusang istudyante ngayon ay hindi maihihiwalay sa gayong takbo ng kasaysayan.

Bilang bahagi ng maimpluwensyang intelihensya, dapat ibuhos ng mga mag-aaral ang lahat ng makakaya para labanan ang mapaminsalang impluwensyang pang-ideolohiya at pampulitika gaya ng sosyal-demokratikong repormismo at eklektisismo at ipalaganap ang syentipikong ideolohiya ng Marxismo-Leninismo.

Dapat nilang paunlarin ang mahigpit na pakikipag-ugnayan sa batayang masa. Ang mga istudyante at ang ibang api't sinasamantalang sektor ang bumubuong matibay na haligi ng nagkakaisang prente sa pakikibaka para baguhin ang lipunan.

Sa ganitong paraan lamang maisusulong ng kilusang istudyante ang kasaysayan alinsunod sa maningning na tradisyon ng Sigwa ng Unang Kwarto.

* * *

## KAPANGYARIHANG MAPAGPARALISA NG MGA EMPLEYADO NG GUBYERNO

*"Sinubukan na namin ang lahat. Gumawa kami ng mga position papers at mga pahayag. Nagsikap kaming makipagdayalog at makipagnegosasyon. Mukhang ang nalalabing daan para sa amin ay ang mga lansangan."*

Hayun nga't libu-libong empleyado ng gubyerno ang nagmartsa sa mga lansa ngan sa isang pambansang kampanya para igiit ang istandardisasyon ng mga sweldo na nakaangkla sa minimum na buwanang sweldo na P2,800.00.

Mahigit 20,000 empleyado ng gubyerno ang tuwirang lumahok sa iba't ibang aksyong masa na idinaos sa mga lansangan ng Kamaynilaan at ibang rehiyon mula Hunyo hanggang Agosto. Libu- libo pa -- kasama ang mga di-organisado -- ang nagmass-leave o basta na lang hindi sumipot sa trabaho laluna nang panahon ng mahahalagang mobilisasyon.

Ang kanilang mga aksyong masa -- na hindi pa nasaksihan sa kasaysayan ng kilusang masa sa sektor publiko -- ay lubusang pumaralisa o gumambala sa gawain ng mga pambansang kagawaran, kawanihan at ahensya, institusyong pinansyal, ospital publiko, korporasyon ng gubyerno, post office, at hukuman.

### Ang kapangyarihang magparalisa

Sumikad ang kampanya sa serye ng mga aksyong masa noong unang linggo ng Hunyo: ang 3,000 kataong rali sa Senado (Hunyo 2); gabihang lamayan (Hunyo 5-8); pag-walkout ng 800 empleyado ng National Housing Authority (Hunyo 6); at isa pang raling dinaluhan ng 8,000 sa Malakanyang (Hunyo 7).

Makalawang dumaluyong ang mga aksyong masa noong Hulyo 24 nang mag bukas ang Kongreso. Sampung libong empleyado ng Metro-Manila Commission at 4,000 iba pang empleyado ng estado ang nagmartsa papuntang Kongreso habang nagtatalumpapti si Aquino sa kalagayan ng bansa.

Tumindi ang aksyong masa noong Agosto nang mag-angkin ang kampanya ng pambasang katangian at nang pumasok ang pakikibaka sa mas mataas na yugto. Idineklara ang isang Pambansang Araw ng Protesta noong Agosto 1, na siyang humudyat ng mass leaves, walkouts, at slowdowns sa buong bansa. Sa pangya yaring ito, magkakambal na sampal ang ipinalasap ng mga empleyado ng gubyerno sa ipinangangalandakan ng Department of Budget and Management na "hanggang P1,700 lang ang makakayanang ibigay ng gubyerno bilang minimum na batayang sweldo."

Mula noon hanggang natapos ang kampanya noong Agosto 11, halos walang araw na dumaan na walang empleyado ng gubyerno saanmang lugar, sa anumang paraan na nagsama-samang kumilos upang ipagdiinan ang kanilang kahilingan na itaas ang kanilang sweldo.

### Mga aksyong nakapagparalisa

Sumusunod ang matitingkad na mga pangyayari sa loob ng tatlong buwang kampanya:

> Lubusang pinaralisa ng mga mang gagawa ang operasyon ng Central Bank Minting Office at Home Mortgage Finance Corporation. Bahagya naman nilang naparalisa

ang Philippine Deposit and Insurance Corporation. Kasabay ng kanilang mga kasamahan sa iba pang insti tusyong pinansyal ng gubyerno katulad Philippine National Bank, Land Bank of the Philippines, Development Bank of the Philipines at Pag-ibig Fund, dumalo sila sa mga demonstrasyon upang ibunyag ang kaaba-abang kalagayan ng mga alagad ng bayan na mabababa ang sweldo.

> Nag-aklas ang Postal Employees Union of the Philippines noong Agosto 2, na gumambala sa paghahatid ng koreyo at iba pang serbisyo ng marami sa 2,195 na post office sa buong bansa. Sa Manila lang, 4,000 ang lumahok sa welga. Sa Makati, isang post office lang ang normal na umaandar. Sumunod na linggo sa Davao, 250 ang umalis nang walang paalam. (Ang mga empleyadong postal ay kabahagi sa mga alagad ng bayan na may pinakamababang sweldo, laluna ang mga kartero't sorter na kumikita lang ng P846.00 buwanang batayang sweldo.)

> Tinamaan ng maraming walkouts ang Ninoy Aquino International Airport. Mismong mga superbisor at mga manedyer ang napilitang tumao sa mahahalagang mga sangay nito: mekanikal, elektrikal, at pass control.

> Bahagyang tumigil sa pagtrabaho ang mga mekaniko't drayber ng Metro-Manila Transit Corp.

> Sabay-sabay na humingi ng dalawang araw na bakasyon ang may 800 myembro ng Makati Association of Court Employees. Mahigit 500 istenograper naman ng mga upisina ng mga tagasakdal sa mga syudad ng Manila, Quezon, Kalookan, at Pasay ang nagdaos ng maramihang walkouts, na nagpatigil sa mga sesyon ng mga husgado sa Kamaynilaan.

> Pinaralisa sa iba't ibang antas ng mga manggagawang pangkalusugan ang pagpapatakbo ng Philippine General Hospital (80%), Tondo Medical Center, San Lazaro Hospital, National Orthopedic Hospital, Jose Reyes Memorial Hospital, Tala Leprosarium, Veterans Memorial Hospital, at Quezon City Children' Hospital. Ang iba pang institusyong pangkalusugan sa Laguna, Bukidnon, at mga syudad ng Bacolod at Davao ay napilitang umangkop sa mga paghinto sa trabaho. Pinatingkad ng pagsuot ng itim na mga laso, pag- aayuno, at maramihang walkouts ang Health Workers' Day of Protest Fasting noong Agosto 9. Gayunman nag iwan ang nagsiprotesta ng iilang manggagawang tumao sa mga ICUs, critical ng units, at seksyong pang-emerhensya habang naka-walkout ang kanilang kasamahan.

> Hindi rin nakaligtas sa mga mass leave at maramihang walkouts ang Department of Labor and Employment (instrumentong ginagamit ng estado sa panunupil ng mga welga sa mga industriya) at ang Civil Service Commission (na nang bandang huli'y siyang nagreko menda ng mga parusa sa nagsipagwelgang mga tauhan ng ng gubyerno).

> Lubusang pinaralisa ng maramihang walkouts ang Philippine Overseas Employment Administration.

> Pumutok din ang mga aksyong protesta sa National Housing Authority, National Food Authority, Philippine Port Authority, Department of Agriculture, Department of Agrarian Reform, Department of Local Government and Community Development, Department of Social Welfare and Development, Commission on Elections, Philippine Nuclear Institute at Metro Manila Commission (lumahok ang 2,000 Metro Aides sa welga).

> Niyanig ng mga aksyong protesta ang iba pang upisina ng gubyerno sa Rehiyon 1, 3, 4, 6, at 8. Kinagawian na ang pagsusuot ng itim na mga laso, pagkakabit ng mga istrimer, maramihang pagpirma ng mga petisyon, simposyum, at maramihang pagtawag sa mga istasyon ng radyo sa Cordillera, La Union, Iloilo, at mga syudad ng Bacolod at Tacloban. Sa La Union at Iloilo, matagumpay na nairaos ang mga rali noong Agosto 1 at 10. Nagrali naman ang Association of Concerned Employees in Regional Offices sa Cagayan de Oro City. Inihinto naman ng mga empleyado ng NFA sa syudad ang trabahao kasabay sa mga kasamahan nila sa

General Santos City. Sa probinsya mismo ng presidente, maramihang nagbakasyon ang 35O empleyado ng bayan ng Tarlac.

> Nagkapit-bisig ang mga empleyado ng gubyerno at mga titser ng mga iskwe lahang publiko sa paghiling ng dagdag na sweldo't pagkondena sa Letter of Intent (LOI) na sinumite ng gubyernong Aquino sa International Monetary Fund noong nakaraang Marso. Bukod sa ibang probisyon, minabuti ng LOI na iantala ang implementasyon ng pakanang pag- iistandardisa ng mga sweldo para sa mga empleyado ng gubyerno bilang paraan ng pagtitipid ng mapagkukunan ng pambayad sa panlabas na utang ng bansa.

**Paggamit ng Kapangyarihan**

Pinamumunuan ang kampanya ng alyansa na may siyam na myembrong organisasyon na may kasapiang 3OO,OOO alagad ng bayan. Ito ay ang mga sumusunod: Confederation for Unity, Recognition and Advancement of Government Employees (COURAGE); Alliance of Health Workers (AHW); Alliance of Government Financial Institutions Employees (AGFIE); Philippine Government Employees Association (PGEA); Makati Association of Court Employees (MACE); Consultative Council for Public Sector Unionism; All-UP Workers Union; Manila Public School Teachers Association (MPSTA); at Alliance of Concerned Teachers (ACT).

Hindi sumapi sa alyansa ang Caucus of Independent Unions (CIU) at ang Public Sector Labor Integrative Center (PSLINK), at sa halip, nagdaos ang mga ito ng hiwalay na mga aksyong masa.

Ang kampanya ay binigyang lakas at direksyon ng mga progresibong organi sasyon, na siyang nakakarami sa mga kasaping organisasyon ng alyansa. Ang pamumuno nila ang naging inspirasyon, kahit na ng mga di-organisado. Nabigo ng kanilang presensya ang pakana ng ibang grupong paghiwa-hiwalayin sila (sa pamamagitan ng pagharap ng mas mababang pasahod) at lituhin ang mga empleyado ng gubyerno upang agawin nila ang pamumuno ng kampanya. Dagdag pa, ang oportunismo ng mga huwad na lider masa at ng mga di-nagwelgang organisasyong pinamumunuan ng Trade Union Congress of the Philippines (TUCP) at Confederation of Government Employees Organization (COGEO) ay nalantad bilang mga eskirol na nagkumahog na sumuporta sa matigas na paninindigan ng rehimeng Aquino para sa mas mababang dagdag sa sweldo.

Naging paborable ang kalagayan ngayon para sa paglitaw ng tunay na mga organisasyon ng mga empleyado ng gubyernong may progresibong pamunuan sa buong bansa.

**Mga Tagumpay ng Kilos Protesta**

Naging inspirasyon ng mga empleyado ng gubyerno ang matagumpay na pangkalahatang welga ng mga manggagawa noong Mayo 1989 upang bagtasin din nila ang landas ng militanteng pakikibakang masa sa pagsusulong ng kanilang kapaka nang pangkabuhayan. Kaya naging matatag sa kanilang pakikibaka para sa mas mataas na sweldo ang kapwa mga empleyado ng gubyerno at mga guro ng mga iskwelahang publiko, kahit na pinagban taan sila ng gubyernong Aquino at ng malalaking burukrata ng mga parusang administratibo. Sa pagsisikap at pagpapatindi ng kanilang sama-samang pagkilos, napangibabawan ng dating pasibong mga alagad ng bayan ang mga ipinagbabawal ng estado, katulad ng "walang permiso, walang rali," gayundin ang mga pagbabawal ng welga sa sektor publiko. Ang kanilang kolektibong kapangyarihan ang siyang nagtali sa kamay ng rehimeng Aquino, at ang naligalig ay ang kanyang burukrasya mismo.

Para sa mga empleyado, walang dudang may kaugnayan ang IMF at ang pagtanggi ng gubyernong Aquino na taasan ang kanilang sweldo. Naging malinaw din sa kanila, at sa masa sa kabuuan, kung paano naapektuhan ng mga patakaran at programang nakapaloob sa LOI ang kanilang kabuhayan.

Nilantad din ng kampanya ang anti- mamamayan at anti-manggagawang katangian ng rehimeng Aquino at ang pagkamanhid nito sa lumalalang kahirapang pangkabuhayan na lumulukob sa pangkaraniwang mamamayan na nasa serbisyong pampamahalaan. Muling

nahubaran ang rehimeng Aquino dahil sa matigas na paninindigan ng gubyerno para sa mas mababang dagdag sa sweldo at ang pagtatanggol nito sa mga kundisyon ng IMF na kinukondena ng mga alagad ng bayan. Mas pinapahalagahan pa ni Aquino ang pagbayad sa dayuhang utang kaysa sa kapakanan ng masa ng mga empleyado na nasa loob lang sa kanyang bakuran. Lalo lamang napawalay siya sa nagsipagwelgang mga manggagawa ng pamahalaan dahil sa kanyang mapanghating taktika na imbitahin sa Malakanyang ang mga huwad na lider masa habang ang libu-libong empleyado at guro na nag hangad na makausap siya ay hindi man lamang pinalampas sa mga barikada sa Mendiola. Ang ganitong mga karanasang pampu litika sa kamay ng naghaharing iilan ang siyang naghahanda sa masa ng mga empleyado ng pamahalaan para sa mas malalim na pag-unawa sa di-makatarungan at bulok na sistemang panlipunan at sa pangangailangang maglunsad ng rebolusyon upang baguhin ito.

Pinwersa ng malawakang kilos protesta ang gubyernong Aquino na muling isaalang-alang ang orihinal na paninindigan nito at makipagtawaran. Binitawan nito ang panukalang P1,7OO batayang sweldo at tumalima na rin ito sa P2,OOO inaprubahan ng Kongreso bilang minimum na batayang sweldo. Bagamat hindi nila lubusang naangkin ang kanilang mga kahilingan, nagdulot ang kampanya ng kongkretong pakinabang pangkabuhayan para sa pangkaraniwang alagad ng bayan katulad ng mga sumusunod:

> dagdag na P1,1OO sa sweldo ng pakipinakamababang sahurang manggagawa ng pamahalaan (Grade 1 salary level) mula P9OO hanggang P2OOO kada buwan, kung kaya't naitakda na sa P9O.9O na minimum na pang-araw-araw na sweldo sa sektor pampubliko; para sa mas mababang dagdag sa sweldo

> binigyan ng bisa ang dagdag sa sweldo at istandardi sasyon sa Hulyo 1, 1989 imbes na Oktubre 1989 na siyang nilalaman ng LOI at MEP na isinumite sa IMF;

> pagpapatigil sa pagpapataas ng sweldo ng matataas na upisyal ng gubyerno (Grades 5-33) habang ang mas mataas na porsyentaheng dagdag ay inilaan para sa mas mababang pusisyon.

Higit sa pakinabang pangkabuhayan na idinulot ng kampanya ay ang pagkakataong lumitaw sa gawaing pag-organisa at sa bagong mga larangan ng taktikal na pakikipaglaban sa hinaharap.

Tumimo na sa kamulatan ng mga empleyado ng gubyerno at sambayanang Pilipino ang kapangyarihan ng pagka kaisa, ng sama-samang pagkilos at ng militanteng pakikibaka bilang epektibong mga sandata sa pagsusulong ng kanilang pangkabuhayan at pampulitikang interes. Sa pamamagitan ng kamulatang ito, handa na ang mga empleyado ng gubyerno hindi lamang sa pagsusulong ng kanilang kahilingan para sa dagdag na benepisyo, pagtatanggol ng kanilang bagong napagtagumpayang pakinabang pangkabuhayan mula sa paninibasib ng napipintong pagtaas ng presyo ng langis, at sa kabuuan, sa pagsusulong ng pakikibaka para sa sweldong tumustos sa minimum upang mabuhay nang disente; subalit handa rin silang ipag tanggol ang kanilang karapatang mag-organisa, lumahok sa kolektibong pakikipagtawaran, at magwelga -- kahit na nangangahulugang muli nilang babagtasin ang mga lansangan.

* * *

## ***PHILIPPINE ASSISTANCE PROGRAM:*** **MALAKING PANLOLOKO**

*"Napakalaking panloloko nitong PAP ... Sa $3.5 bilyong ipinangako noon sa Tokyo, $251 milyon lamang ang bagong pondo."* -- Solita `Winnie' Monsod, dating Economic Planning Secretary

*"Bagong pondo ang $1.4 bilyon."* -- Pangulong Corazon Aquino

*"Ang $3.5 bilyon ng PAP ay pawang bagong pondo."* -- Roberto Villanueva, PAP Coordinating Council Chairman

*"May $800 milyon lamang ang bagong pondo."* -- Filologo Pante, dating Acting NEDA Director-General

*"Pawang bagong pondo ang $1.015 bilyong ipinangako ng Japan sa PAP."* -- Embahada ng Japan sa Pilipinas

Tama ka, Winnie, talagang panlilinlang lamang ang Philippine Assistance Program (PAP) ngunit napakalaking salapi ang nakataya rito.

Sa isang dako, nariyan ang Japan na may labis na kapital at naghahanap ng mapaglalagakan para mapalago pa ito. Sa kabila'y ang Pilipinas na papatiklop ang ekonomya, at kundi masusuhayan ng dayuhang kapital ay babagsak sa mga komunista. Di nga ba't ito ang lohika ng pang-istratehiyang ayuda? (Tingnan ang "Ayuda ng Japan para sa kontra-rebolusyon" **AB**, Hulyo 1989)

Talagang isang panloloko ang PAP, hindi sapagkat kalakhan nito'y mga dati nang tinatanggap na pondo; hindi rin dahil imposibleng makapagpalitaw ito ng $1 bilyon pa taun-taon, bukod sa mga datihang upisyal na ayuda sa bansa.

Panloloko sapagkat tinagurian pa manding "Philippine Agenda" ang PAP gayong inisyatiba ito ng US at proyekto ng US at Japan para tiyaking nananatili ang kanilang namumunong pusisyon sa bahaging ito ng Pasipiko -- sa madaling sabi'y magpalitaw ng salaping panuhol para sa pagpapanatili ng mga baseng militar ng US sa Pilipinas.

Panloloko sapagkat ibinabando ang PAP na para sa "Sustained Growth and Development" ng bansa upang magtayo ng imprastrukturang pang-ekonomya para sa mga dayuhang monopolyo, palawakin ang baseng pinansyal ng paghaharing komprador-panginoong maylupa, at tustusan ang kontra-rebolusyon.

At panloloko sapagkat "sa inten syong makalikom mula sa ibang bansa ng ibayong pondong ipangsusustine sa kaun larang pang-ekonomya at pagsulong ng bansa," higit pang kahirapan ang idu dulot ng PAP sa masang Pilipino at lalo lang nitong ibubulid ang Pilipinas sa pagkakautang.

**PAP bilang pang-istratehiyang ayuda**

Nitong nagdaang ilang taon, nagpasimula nang magkoordinasyon ang US at Japan sa pagbibigay ng pang-istratehi yang ayuda sa mga bansang kung saan nanganganib ang kanilang malawak na interes na panseguridad. Ang PAP ay bunga ng ganitong koordinasyon.

Noong Nobyembre 1987, sinang-ayunan ng isang grupong bipartisan ng mga maimpluwensyang myembro ng Kongreso ng US ang isang mini-Marshall Plan para sa Pilipinas. Tinawag itong "multilateral aid initiative" (MAI), at ipinagbunyi bilang "naaayon sa dakilang tradisyon ng mapangahas at mapamaraang mga patakarang panlabas ng US na tumutugon sa mga pangyayari sa ibayong dagat na nagsasapanganib sa mga pangunahing interes ng Amerika."

(Mula sa labi ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, itinanghal ang US na di mapag-aalinlanganang pinuno ng imperyalistang kampo. Binalangkas agad ng US ang Marshall Plan upang madaliin ang ayuda sa mga bansa ng Kanlurang Europa nang sa gayo'y matulungan silang makabangon sa pinsala ng digmaan at makapagpalakas ng depensa laban sa sosyalistang kampo. Bilyun-bilyong dolyar ang ipinasok ng US noon sa Europa. Sa proseso, nabuksan ang mga palengke para sa mga labis nitong pro dukto at ang mga bagong larangan para sa pamumuhunan; gayundin, napadulas ang pagtatayo ng North Atlantic Treaty Organization (NATO) at mga baseng militar ng US sa Kanlurang Europa.)

Tinawagan ng mini-Marshall Plan ang Japan, bilang pangunahing donor sa daigdig, na largahan ang pagtulong sa Pilipinas: "Ang Japan at iba pang bansa sa rehiyon na umaasa sa ating mga komitment sa seguridad ay dapat magma lasakit sa istabilidad at pang-ekono myang pagbangon ng Pilipinas. May mahalagang papel ang ating mga baseng militar

sa Pilipinas sa pagtupad natin sa mga ipinangakong depensa sa Japan at iba pang kaibigan at alyado sa Asya at dagat Pasipiko."

Nang sumunod na taon sa Hawaii, pinagtibay ng US at Japan ang planong ilunsad ang MAI pagpasok ng 1989. Dito ay pinagdiinan ang kahalagahan ng pagsuporta ng Japan at ng kapitalistang daigdig sapagkat "malulugi rin silang kaparis ng US kung mauuwi ang Pilipinas sa kaguluhan at pang-ekonomyang ka hamakan." Ginawang pormal ang kolabo rasyong ito sa US-Japan summit ng Pebrero 1989.

Noong buwan ding iyon, magkasamang humarap ang mga sugo ng US at Japan sa gubyernong Aquino upang talakayin ang paglulunsad ng MAI. (Samantala, ang tugon ng Pilipinas sa MAI ay nagsimula bilang Polysectoral Program for the Philippines o PPP, na nauwi sa Philippine Aid Plan o ang orihinal na PAP, at na nagwakas bilang Philippine Assistance Program o ang kasalukuyang PAP.) Sa naturang pagtitipon sa Hawaii, binuo ng US, Japan at Pilipinas ang Asian Joint Forum for Philippine Progress bilang katuwang ng PAP sa pribadong sektor.

Makaraan ang dalawang buwan, naki pagkonsultahan ang tatlong bansa sa IMF-World Bank sa Washington hinggil sa kumprehensibong balangkas pampatakaran at pamamaraan ng pagpopondo sa PAP. Pagsapit ng Mayo, nakabuo na ang grupo sa Tokyo ng programa para sa PAP at mga proyektong pandemonstrasyon nito. Itinakda ng Hulyo ang pledging session kung saan convenor ang IMF-World Bank at punong-abala ang Japan.

Sa gayon nailatag ang internasyunal na balangkas ng PAP -- markado ng pagtutulungan ng US at Japan "na gawin ang lahat" upang mailunsad ang PAP bilang pagtataguyod sa "demokrasya at tuluy-tuloy na pag-unlad at reporma sa Pilipinas."

**PAP, salaping suhol kapalit ng mga base**

Simula't sapul, bahagi ang PAP ng planong pananatili ng mga base militar ng US sa bansa. Tinitingnang mayroon itong mga "implikasyong pan seguridad sa US." Isa mismo sa mga may-akda ng MAI ang nagsabing ang "progreso sa MAI ay magpapalakas sa tsansa ng kasunduang ito" (dalawang- taong pagrebyu sa base) na nagbibigay ng "panandaliang istabilidad gawa ng mga ugnayang pangseguridad at mga karagdagang mapagkukunan para sa Pili pinas." Nauwi kinalaunan sa PAP ang MAI.

Naging maliwanag na ginagamit ng US ang ayuda nito at ng iba pang donor para sa PAP upang presyurin ang Pilipinas na panatilihin ang kanilang mga baseng militar. Maliwanag ang pagkakasabi ni Michael Armacost, embahador ng US sa Japan: dapat tapusin ang lahat ng negosasyon para manatili ang mga base bago ganap na maipatupad ang PAP. Gayundin naman, makaraang ilunsad ang PAP, ibinunyag ni Monsod: ginagamit ng Cagayan de Oro, sa kabilang banda, naUS ang PAP upang igiit ang mabilisang nagkakahalaga ng $194.6 milyon sa loobpagtatapos ng rebyu sa RP-US Military Bases Agreement (MBA).

Ibinunyag din ni Monsod na ang $25 milyong kaloob ng Economic Support Fund (ESF) na itinuturing na "upa" o "kabayaran" ng mga baseng militar ng US ay inililipat sa US Agency for Inter national Development (USAID) upang ipambayad sa gastusin ng PAP. Sa halagang ito, $3.5 milyon ay nakahanda nang ipambayad. Bago pa nito, nakapag kaloob ang USAID ng $99,000 sa Institute of Management (AIM) para sa proyektong pag-aralan ang istratehiya't programa ng pagkilos ng PAP.

Ibinunyag din ni Monsod na ang $25 milyong kaloob ng Economic Support Fund (ESF) na itinuturing na "upa" o "kabayaran" ng mga baseng militar ng US ay inililipat sa US Agency for Inter national Development (USAID) upang ipambayad sa gastusin ng PAP. Sa halagang ito, $3.5 milyon ay nakahanda nang ipambayad. Bago pa nito, nakapag kaloob ang USAID ng $99,000 sa Institute of Management (AIM) para sa proyektong pag-aralan ang istratehiya't programa ng pagkilos ng PAP.

Kung kitang-kita man ang pag-iwas ng US sa pangakong pondo sa PAP bunga ng kabagalan ng pagrebyu sa MBA, maagap naman itong nagpanukala ng karagdagang $75 milyong military sales financing para sa Pilipinas "upang mapalakas ang programang "kontra-insurhensya"

at upang matugunan ang taunang $200 milyong komitment sa ilalim ng "base rights extension agreement."

Hindi mahirap makita ang koneksyon ng PAP at mga baseng Amerikano. May huhusay pa bang katibayan sa salaping suhol na ibinibitin sa atin ng PAP para sa pagpapanatili ng mga baseng militar ng US sa bansa?

**Suhol ng Japan sa papet**

At ang kwartang panuhol ay parating alinsunod sa kinaugalian ng malalaking negosyong Hapones. Para sa kabuuang PAP pledging session sa Tokyo noong Hulyo, naglagak ang Japan ng halos kalahati ng $3.5 bilyong pondo para sa unang taon ng apat-na-taong programa ng PAP. Kung gayon, ang pangunahing sang kap ng PAP ay official development assistance (ODA) ng Japan.

**MGA PROYEKTO NG PAP**

| LUGAR | KATANGIAN NG PROYEKTO | HALAGA NG PROYEKTO ($M) | PANAHONG SAKLAW (TAON) |
|---|---|---|---|
| 1. Samar | Imprastrukturang panlipunan | 9.87 | 3 |
| 2. Panay-Negros | Agro-industrial processing zone | 84.00 | 3 |
| 3. Gen. Santos | Agro-port processing center | 55.00 | 4 |
| 4. Cag. de Oro | Panrehiyong sentrong industriyal | 194.60 | 5 |
| 5. CALABAR | Imprastrukturang pang-ekonomya | 735.00 | 10 |

Ang unang mga proyekto ng PAP ay nagpapakita kung saan ibinubuhos ang mga kwartang panuhol. Ang dalawang pinakamalaking proyekto, isa sa Cavite, Laguna, Batangas at Rizal (CALABAR) at isa sa Cagayan de Oro sa paligid ng PHIVIDEC Industrial Estate sa Misamis Oriental, ang kumakain ng bulto ng pondong pamproyekto.

Ang proyektong CALABAR, na nagka kahalaga ng $735 milyon sa loob ng 10 taon, ay kinapapalooban ng pagtatayo ng mga imprastrukturang pang-ekonomya para sa 18 export processing zone at industrial estate. Ang proyekto sa Cagayan de Oro, sa kabilang banda, na nagkakahalaga ng $194.6 milyon sa loob ng limang taon, ay naglalayong paunlarin ang isang panrehiyong sentrong industriyal kung saan 65 bagong pabrika ang inaasahang magpapasok ng kapital na $2 bilyon. Nasa unahan ng mga proyek tong ito ang malalaking *zaibatsu* ng Japan -- Mitsubishi, Marubeni at Mitsui kasama na ang kanilang mga subsidyaryo.

Ang mga proyektong PAP ay magbubunsod ng multi-bilyong pisong obras publikos at mga kontrata sa pagpapatayo ng mga gusali gayundin ng mga negosyong kasosyo ang mga Hapones at iba pang korporasyong transnasyunal na pagpa parte-partehin sa mga pinapaburang malalaking kumprador-panginoong may naglupa, ang tinatawag na pribadong sektor na bahagi ng PAP. Hindi kataka-taka kung gayon na si Roberto Villanueva, ang tagapangulo ng PAP coordinating council, ay "isang bukod-tanging kinatawan" ng gayong uri.

Magkakaroon din ng sariling gatasan ang mga nasa pwestong burukrata. Ang mga panukalang proyekto ng PAP ay sagana ng pautang na *yen* na "sa tradis yunal na kinikilingan ng programa sa ayuda" at uwido sa negosyo ng Japan ay ilalaan sa pangunahin sa enerhiya, kuryente at elektripikasyon (24.58 porsyento) at transportasyon (26.27 porsyento). Tulad noong panahon ni Marcos, kung nariyan na ang mga pautang na *yen*, lalayo pa ba ang kabulukan at katiwalian?

Sa pagkamal ng baul-baol na kayamanan ng malalaking kumprador-asendero at mga burukrata, natutustusan lamang ng PAP ang baseng sosyal ng kontra- rebolusyon habang binubuksan ang bansa sa mas masahol na pandarambong ng dayu hang monopolyo-kapital. Ang masakit nito, sa mamamayan babagsak ang lahat ng hirap.

**Dagdag na pasakit dulot ng PAP**

Ngunit hindi basta-basta makukuha ang kwartang panuhol. Sa udyok ng US at Japan, at sa pakikipagkutsabahan nila sa IMF, ginawa nilang rekisito na aandar lamang ang PAP kung ipapatupad ang mga dikta ng IMF na nakapaloob sa Philippine Letter of Intent-Memorandum on Economic Policy, na kilala sa tawag na LOI. Nilalayon ng LOI na panatili hing nakalutang ang Pilipinas habang binabayaran nito ang mga utang.

Anupa't ang gubyernong Aquino, na kumakatawan sa malalaking kumprador- asendero at mga burukrata at siyang makikinabang sa PAP, ay nagsumite noong Marso ng programang pang-ekonomya (LOI- MEP) para sa mga taong 1989-1992 para aprubahan ng IMF. Ang programa ay nag takda ng mga target na paglago at mga layunin at nagtakda ng isang pandaig digang istratehiya sa pagbabayad ng utang na nakatali sa negosyo, na kung wala raw ito'y hindi makakabawi ang ekonomya at hindi lalago. Nakabatay sa programang ito ang PAP.
Kapalit ng konting kaluwagan sa pagbabayad ng utang, ibinaon nang ibinaon ng gubyernong Aquino ang sarili sa mga dikta ng IMF (tulad ng target at antas ng mga impok, gastos, utang, buwis, subsidyo, gasolina at presyo ng iba pang bilihin). Sa halip na harapin ang paghahambog at pambablakmeyl ng mga imperyalista, minabuti pa ng gubyernong Aquino na pahirapan ang sambayanan, gaya rin ng ginawa ng mga naunang 19 nang rehimen na pumayag sa programang idinikta ng US.

Anupa't mula 1989 hanggang 1992, papasanin ng sambayanang Pilipino ang mga pahirap na bunsod ng LOI tulad ng pagtaas ng presyo ng bigas, gasolina at iba pang produktong petrolyo, singil sa kuryente at tubig, buwis sa adwana, bayad sa transportasyon; dagdag na buwis; pagtigil sa pagkuha ng mga empleyado sa gubyerno; pagkaantala ng istandardisasyon ng sweldo sa gubyerno; at higit pang pagluluwag sa pag-import.

Ngayon pa lamang, nagdulot na ng malaking pinsala sa buhay at kabuhayan ng masang Pilipino ang LOI. Bunga ng mga pagtaas sa presyo at mga paghihigpit ng sinturon na resulta ng LOI, pumutok ang mga protesta mula Mayo hanggang Agosto, na nagpapahiwatig ng poot at palabang diwa ng lamang ng poot at palabang diwa ng batayang masa at ng sumisilakbong mili tansya ng panggitnang pwersa. Mariing itinakwil ang LOI na siyang pang-ekonomyang balangkas ng PAP.

Samantalang ang mga magbubukid, istudyante, guro, empleyado ng gubyerno -- ang malawak na bilang sa lipunan -- ay hilung-hilo dahil sa epekto ng LOI, ang pangako ng LOI at PAP tungkol sa paglago at kaunlaran, tungkol sa paglunas ng kahirapan at pagpapabuti ng mga sweldo, ay gayon pa rin -- nakapakong pangako. Sa taong ito, ang tantos ng paglago ng GNP ay kapos sa target na 6.5 porsyento. Tumatakbo sa doble-numero ang tantos ng implasyon, malayo sa limit na 8 porsyento. Ngunit hindi pa ito ang mas masahol epekto ng panloloko.

Sa PAP, ang masang Pilipino ang higit na papasan ng hirap ngunit pababayaran pa sa kanila ang kanilang paghihirap. Walang dudang maghahasik ng malawak na mga diskuntento ang PAP, habang nang- eengganyo ito ng pagpasok ng dayuhang monopolyo kapital at nagpapamudmod ng kwartang panuhol para manatili ang mga baseng militar ng US, bukod pa sa nag bibigay ng pataan para sa kabulukan at katiwalian. Kung ipatutupad nang husto, magkakaroon ng dayuhang utang dahil sa PAP sa halagang $3.5 bilyon isang taon at ang halagang ito'y dadagdag sa dati nang utang ng Pilipinas.

Sa pagtatapos ng 1988, ang kabuuang utang panlabas ng bansa ay umabot na sa $27.9 bilyon. umabot na sa $27.9 bilyon. ... taong pangungutang ng PAP, tinatayang aabot ito sa $40 bilyon. Mula ngayon hanggang 1992, ang binabayarang dati nang utang (menos pa ang sa PAP) ay pumapalo na sa $4.4 bilyon taun-taon. Pero sa ganito pa lamang, ang bayad sa utang ay kumakain ng mahigit 40 por syento ng pambansang badyet o katumbas ng 76 porsyento ng taunang kita sa eksport. Paano pa kaya kung isasama ang mga utang ng PAP?

**Niloloko ang mamamayan, ngunit...**

Ngunit heto ang gubyernong Aquino na nagtutrumpeta ng PAP bilang pinaka bagong "Philippine Agenda for Sustained Growth and Development." Sa mga balikat ng mamamayan nakapatong ang bigat ng panlolokong ito.

Ngunit malinaw ang katotohanan: ang PAP ay inisyatiba ng US para mag lawit ng kwartang panuhol para manatili ang mga baseng militar; ito'y produkto ng pagtutulungan ng US at Japan kaugnay ng ang-istratehiyang ayuda para pigilin ang paglubog ng bansa; ang pangunahing nilalaman nito'y ODA ng Japan na pagpaparte-partehin sa mala laking kumprador-asendero at burukrata at gagamiting pasilidad ng dayuhang monopolyo kapital; ang pang- ekonomyang balangkas nito'y ang kasuklam-suklam at itinakwil nang LOI; ito'y pansamantalang lunas sa krisis sa utang; magsasabog ito ng di mabilang na pasakit sa bayan bagamat ang di sina sadyang epekto'y ang pagtutulak sa mamamayan para magrebolusyon.

Malinaw na pruweba ang malawakang pagputok ng mga protesta dahil sa LOI na naikakawing din sa PAP. Malinaw na tumitindi ang paggigiit ng bayan para ibasura ang pinakabagong anti-nasyunal at anti-mamamayang panloloko.

* * *

## TUMUTUNGO SA INDEPENDENSYA ANG PAKIKIBAKA MGA NAMIBIANO SA APRIKA

Makakamit na naman ng mamamayang Aprikano ang isang mahalagang tagumpay laban sa mga pwersa ng kolonyalismo't rasismo sa kontinenteng Aprika. Pawakas na ang kolonyal na paghahari ng South Africa). Matapos makaranas ng mga pagkatalong militar sa pananalakay nito sa malayang estado ng Angola, napasang- ayon ang rasistang rehimen ng South Africa na ipatupad ang Resolusyon 435 ng United Nations na nanawagan sa pagtatag ng malayang estado ng Namibia.

Ang napipintong independensya ng Namibia ay bunga ng mahigit 7O taong pakikibaka sa kolonyalismo't rasismo ng South Africa. Mula 1915, tinuligsa at nilabanan ng mga Namibiano ang brutal na pananakop at pagsasamantala ng South Africa sa Namibia (dating South West Africa sa Namibia, isang bansang maya man sa minahan. Noong 196O, inabot ng pakikibakang Namibiano ang isang mayor na pag-igpaw nang maitatag ang South West African People's Organization (SWAPO) upang epektibong pamunuan ang pakikipaglaban para sa kasarinlan.

Sa harap ng matinding panunupil at karahasan, lumawak at nakokonsolida ang kilusang mapagpalaya ng sambayanang Namibiano. Nabigong supilin ng mga pagtortyur, pagbilanggo't pagpatay ang pakikibakang makabayan at rebolusyonaryo. Sa halip, pinatingkad ng SWAPO at sambayanang Namibiano ang kanilang pakikihamok laban sa brutalidad at terorismo ng rehimeng supremasistang puti ng South Africa sa pamamagitan ng armadong pagkilos noong 1966. Sa pagdaan ng mga taon, ang kabayanihan at determinasyon ng sambayanang Namibiano sa kanilang pakikibaka para sa kalayaan ay matagumpay na nakatawag-pansin at nakakamit ng pagsuporta ng buong mundo.

Noong 1978, bilang pagkilala sa makatarungang pakikibaka ng mamamayang Namibiano, inaprubahan ng UN General Assembly ang Resolusyon 435 na nananawagan na wakasan na ng South Africa ang kolonyalistang paghahari nito at itatag ang malayang estado ng Namibia. Kini lala ng United Nations ang SWAPO bilang "tanging tunay na tinig ng sambayanang Namibiano." Subalit aroganteng inantala ng gubyernong pinaghaharian-ng-puti ng South Africa -- na tinuligsa ng mara ming bansa dahil sa patakarang apartheid nito na paghiwalayin ang iilang pribilehiyadong mga puti at ang pinagkaitang nakakaraming mga itim -- ang implementasyon ng nasabing resolusyon.

Sa loob ng ilang taon, naglunsad ang rasistang rehimen ng South Africa ng digmang mapanalakay laban sa bayan ng Angola, isang matatag na tagasuporta ng kalayaang Namibiano at matibay na kalaban ng imperyalismong US, kolonyalismo, at rasismo sa Aprika. Sa pakikipagsabwatan sa imperyalismong US, umupa pa ang rehimen ng South Africa ng mga dayuhang mersenaryo upang alalayan ang kontra-rebolusyonaryong pwersa ng UNITA sa kanilang walang saysay na pagpupunyaging ibagsak ang malayang gubyerno ng Angola at upang durugin ang rebolusyo naryong mga pwersa ng SWAPO.

Bilang tugon sa panawagan ng Angola ng tulong, todo-largang sinuportahan ito ng sosyalista't anti- imperyalistang mga bansa. Sa diwa ng internasyunalismo, ang Sosyalistang Republika ng Cuba ay nag padala ng libu-libong sundalong nag prisintang umalalay sa Angola upang itaboy ang pananalakay ng South Africa.

Noong Marso 1988, ang pinagsamang pwersa ng tropang Angolano, mga sundalong Cubano, at mga gerilya ng SWAPO ay nagkamit ng isang mayor at mapagpasyang tagumpay-militar laban sa mga arogante't brutal na pwersa ng South Africa doon sa Cuito Cuanvale, isang bayan sa Angola.

Ang pagkagapi ng South Africa sa Angola ay nagpwersa sa rasistang rehimen ng South Africa na iatras ang pwersa nito sa Angola at makipag-usap tungkol sa kasunduang pangkapayapaan noong Mayo 1988. Pagkatapos ng ilang buwang pag-uusap, noong Disyembre 22, 1989, pumirma ang South Africa at ang pamahalaang Angolano at Cubano sa isang kasunduang pangkapayapaan kaugnay ng isyu ng Namibia at tunggalian sa Angola. Sa pagpirma sa kasunduan, na sinaksihan ng mga diplomata na kuma katawan sa halos 100 na bansa, nahawan ang daan para magkaroon ng tigil- putukan sa pagitan ng pwersang Angolano at ng pwersang UNITA na suportado ng US at South Africa, gayundin ang implemen tasyon ng Resolusyon 435 ng UN sa Namibia.

Nanawagan ang Resolusyon 435 ng UN para sa implementasyon ng transisyon ng Namibia papunta sa independensya simula Abril 1 at ang pagdaos ng pambansang halalang pamamahalaan ng UN sa Nob yembre 1 sa taong ito. Sa panahong ito, unti-unting babawasan ng South Africa ang 50,000 tropa at ng 24,000 kataong pwersang teritoryal nito pababa sa 1,500 sa Namibia pagdating ng Hulyo 1989. Tutulong ang isang pwersang pamayapa ng UN at ang sibilyan na administrador sa pamamahala nang palakad ng bansa hanggang sa matatag ang bagong gubyernong Namibiano pagka tapos ng pambansang eleksyon sa Nobyembre.

Bagamat nakakaranas ng ilang problema, naipatutupad ang planong transisyon ayon sa itinakdang iskedyul. Mula Mayo nang taong ito, ang pamunuan at kasapian ng SWAPO, at ibang makabayang Namibiano na napilitang madistyero noong sila'y nakikibaka, ay nagsimulang magsibalikan sa harap ng malugod napagsalubong at pagbunyi sa kanila ng kanilang mga kababayan. Hinaharap ngayon ng SWAPO at ng 1.3 milyong Namibiano ang tungkuling ihanda ang sosyalistang pambansang eleksyon sa Nobyembre, na inaasahang mapapanalunan ng maraming kandidato ng SWAPO. Inaasahang maha halal bilang unang presidente ng Namibia ang pangulo ng SWAPO na si Sam Nujoma.

Dinagdagan ng tagumpay ng sambayanang Namibiano ang isa na namang maningning na kabanata sa kasaysayan ng dakilang pakikibaka ng sambayanang Namibiano ay hahantong sa pagkawasak ng apartheid at sa pagka kamit ng kataas-taasang karapatan ng sambayanang Aprikano para sa kanilang tinubuang lupa sa buong katimugang rehiyon ng Aprika. Umaasa ang Partido Komunista ng Pilipinas at ang buong pambansa-demokratikong kilusan na ang tagumpay ng mga mamamayang Aprikano laban sa kolonyalismo't rasismo. Higit na palalakasin ng tagumpay na ito ang anti-imperyalistang prente sa Aprika at sa buong mundo at higit na pahihinain ang naghaharing rasistang rehimen ng South Africa.

* * *